**Ang Iyong Mga Kasalanan Ay Pinatawad**

Napakagandang mga salita! Ang mga salitang ito ay binigkas minsan ng kaisa-isang may kakayahang magpatawad ng kasalanan. At ito mismo ang Panginoong Diyos sa katauhan ni Kristo Hesus.

Ngunit kanino ba sinabi ang mga salitang ito? Ang mga ito ay sinabi sa makasalanang kagaya mo at ako, isang taong inaapi ng karamihan sa siyudad. Ngunit isang taong mahal na mahal ng Panginoong Hesukristo.

Hayan ang kagandahan ng mga itinuro ng Panginoong Hesukristo! Mahal ng Panginoong Diyos ang mga makasalanan! Ang katotohanan ng mga salitang ito ng Panginoon ay mababasa natin sa Roma 3:23 – ***"Lahat ay nagkasala, at napalayo sa Panginoong Diyos."***

Hayon ang masamang balita. Ngunit mayroon din magandang balita. Matatagpuan ito sa Roma 5:8 – ***"Habang tayo ay nagkakasala, ipinakita ng Panginooong Diyos ang lubos na pagmamahal niya sa atin sa pamamagitan ng pagkamatay ni Kristo dahil sa atin."***

Ngayon, nakikita ba ninyo ang katuturan nito? Kahit na ikaw at ako ay makasalanan at karapatdapat na masunog sa impiyerno, mahal pa rin tayo ng Panginoong Diyos. Sa laki ng pagmamahal Niyang ito sa atin, pinabayaan niyang mamatay sa krus ang Panginoong Hesus, tumulo ang malinis at walang pagkakasalang dugo. Ang mga ito ay nangyari upang ikaw at ako ay matubos niya sa mga kasalanan; upang balang araw magkaroon tayo ng karapatang makasama ang Panginoon sa buhay na walang hanggan.

Ngunit, upang makamit natin ang kapatawaran ng ating mga kasalanan at buhay na walang hanggan, ikaw at ako ay may bagay na dapat gawin. Bago ang lahat, dapat nating malaman na hindi ito nakakamit sa pamamagitan ng pagsisimba, mabuting pamumuhay, o pagmamalinis.

Ang sabi ng Bibliya sa Acts 16:31, ***"Maniwala nang buong puso sa Panginoong Hesukristo at ikaw at ako ay hindi masusunog sa impiyerno bilang katumbas ng mga kasalanan natin."***

Makikita natin dito na ang Panginoong Hesukristo ang tumubos sa ating mga kasalanan nang hindi tayo mahulog sa impiyerno. Walang mahirap sa gagawin natin: Maniwala at tanggapin ang Panginoong Hesukristo.

Ang taong pinagsabihan ng Panginoong Hesukristo ng mga salitang, ***"Ang inyong mga kasalanan ay pinatawad"*** ay isang taong walang kaanu-anong lumapit sa Panginoong Hesus at sinabi niyang naniniwala siyang Siya, ang Manunubos.

Ngayon, gayahin natin ang taong ito: Lumapit tayo sa Panginoong Hesus kahit naguguluhan sa buhay at mukhang walang pag-asa at sabihing naniniwala kayong Siya si Panginoong Hesukristo, ang Manunubos.

Ang kahuli-hulihang sinabi ng Panginoong Hesus sa tao ay: ***"Ang pagtiwala mo ang Katubusan mo, lumakad ka nang mapayapa."***

Kapayapaan sa Panginoong Diyos. Napakagandang bagay na mapasaatin. Kahit gaano kabigat o gaano karami ang ating mga kasalanan, kapag maniwala tayo nang lubosan sa Panginoong Hesukristo, tayo ay maaaring lumakad nang mapayapa.

Naniniwala ba kayo sa Panginoong Hesus?


**Ang Iyong Mga Kasalanan Ay Pinatawad**

Napakagandang mga salita! Ang mga salitang ito ay binigkas minsan ng kaisa-isang may kakayahang magpatawad ng kasalanan. At ito mismo ang Panginoong Diyos sa katauhan ni Kristo Hesus.

Ngunit kanino ba sinabi ang mga salitang ito? Ang mga ito ay sinabi sa makasalanang kagaya mo at ako, isang taong inaapi ng karamihan sa siyudad. Ngunit isang taong mahal na mahal ng Panginoong Hesukristo.

Hayan ang kagandahan ng mga itinuro ng Panginoong Hesukristo! Mahal ng Panginoong Diyos ang mga makasalanan! Ang katotohanan ng mga salitang ito ng Panginoon ay mababasa natin sa Roma 3:23 – ***"Lahat ay nagkasala, at napalayo sa Panginoong Diyos."***

Hayon ang masamang balita. Ngunit mayroon din magandang balita. Matatagpuan ito sa Roma 5:8 – ***"Habang tayo ay nagkakasala, ipinakita ng Panginooong Diyos ang lubos na pagmamahal niya sa atin sa pamamagitan ng pagkamatay ni Kristo dahil sa atin."***

Ngayon, nakikita ba ninyo ang katuturan nito? Kahit na ikaw at ako ay makasalanan at karapatdapat na masunog sa impiyerno, mahal pa rin tayo ng Panginoong Diyos. Sa laki ng pagmamahal Niyang ito sa atin, pinabayaan niyang mamatay sa krus ang Panginoong Hesus, tumulo ang malinis at walang pagkakasalang dugo. Ang mga ito ay nangyari upang ikaw at ako ay matubos niya sa mga kasalanan; upang balang araw magkaroon tayo ng karapatang makasama ang Panginoon sa buhay na walang hanggan.

Ngunit, upang makamit natin ang kapatawaran ng ating mga kasalanan at buhay na walang hanggan, ikaw at ako ay may bagay na dapat gawin. Bago ang lahat, dapat nating malaman na hindi ito nakakamit sa pamamagitan ng pagsisimba, mabuting pamumuhay, o pagmamalinis.

Ang sabi ng Bibliya sa Acts 16:31, ***"Maniwala nang buong puso sa Panginoong Hesukristo at ikaw at ako ay hindi masusunog sa impiyerno bilang katumbas ng mga kasalanan natin."***

Makikita natin dito na ang Panginoong Hesukristo ang tumubos sa ating mga kasalanan nang hindi tayo mahulog sa impiyerno. Walang mahirap sa gagawin natin: Maniwala at tanggapin ang Panginoong Hesukristo.

Ang taong pinagsabihan ng Panginoong Hesukristo ng mga salitang, ***"Ang inyong mga kasalanan ay pinatawad"*** ay isang taong walang kaanu-anong lumapit sa Panginoong Hesus at sinabi niyang naniniwala siyang Siya, ang Manunubos.

Ngayon, gayahin natin ang taong ito: Lumapit tayo sa Panginoong Hesus kahit naguguluhan sa buhay at mukhang walang pag-asa at sabihing naniniwala kayong Siya si Panginoong Hesukristo, ang Manunubos.

Ang kahuli-hulihang sinabi ng Panginoong Hesus sa tao ay: ***"Ang pagtiwala mo ang Katubusan mo, lumakad ka nang mapayapa."***

Kapayapaan sa Panginoong Diyos. Napakagandang bagay na mapasaatin. Kahit gaano kabigat o gaano karami ang ating mga kasalanan, kapag maniwala tayo nang lubosan sa Panginoong Hesukristo, tayo ay maaaring lumakad nang mapayapa.

Naniniwala ba kayo sa Panginoong Hesus?